Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION IV- A CALABARZON
CITY SCHOOLS DIVISION OF THE CITY OF TAYABAS

Advisory No. 200, s. 2026
September 07, 2026
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001
but only for the information of DepEd Officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

**CONDUCT OF THE 41ST EDITION OF TAGISAN BY UP KALILAYAN**

With reference to the communication received from the University of the Philippines Kalilayan (UP Kalilayan), this Office informs the field of the conduct of the 41st Edition of Tagisan, tentatively scheduled on November 22 or 29, 2026 (Sunday) with the venue to be announced in a subsequent issuance.

UP Kalilayan, a recognized sociocultural organization from UP Diliman, organizes Tagisan as an annual interschool competition and gathering for junior and senior high school students across Quezon and Aurora.

Target participants are high school learners within the province of Quezon and Aurora. The activity includes various competitions such as Essay Writing at Pagsulat ng Sanaysay, Extemporaneous Speaking and *Dagliang Talumpati*, Quiz Show, Poster Making (Tradition and Digital), Short Film Competition, Idea Generation Competition, and *Gawad Parangal* at Leadership Summit.

Participation of learners and teachers from public and private schools shall be purely voluntary and will not hamper instructional time in compliance with the provisions of DepEd Order No. 009, s. 2026, officially titled "Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education and DepEd Order No. 009, s. 2005, titled Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith and the policy on off-campus activities stated in DepEd Order No. 066, s. 2017.

Public school teaching and non-teaching personnel who shall accompany learners during the said activity shall be entitled to vacation service credits pursuant to DepEd Order 013, s. 2023.

Attached is a copy of the letter of UP Kalilayan and contest mechanics, for your reference.

For questions, you may contact Basti M. Vertudez through upktagisan@gmail.com or 09304650647.

For information of all concerned.

CID- conduct of the 41st edition of tagisan by up kalilayan
REC71266-010191/September 07, 2026

UP KALILAYAN

Schools Division of Tayabas City
RECORDS SECTION
RECEIVED
BY: OLIVE G. DIVINAGRACIA
DATE: AUG 2 5 202[illegible] Time: 11:20
Control No.

**Agosto 25, 2026**

**CELEDONIO B. BALDERAS JR.**
Schools Division Superintendent
Department of Education – Schools Division Office of Tayabas City

**G. Balderas:**

Isang mapagpalayang araw!

Ang **UP Kalilayan ay ang opisyal na sosyo-kultural na organisasyon ng mga mag-aaral mula sa mga lalawigan ng Quezon at Aurora sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman**. Sa loob ng higit limang dekada, patuloy nitong isinusulong ang pagpapaunlad ng iba't ibang sektor ng komunidad sa Quezon at Aurora, gayundin ang pag-ambag sa pambansang kaunlaran, sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon, gawaing pangkomunidad, at mga inisyatibang nagtataguyod ng kahusayan sa akademya at paglilingkod, lalo na para sa kapakinabangan ng kabataang Pilipino.

Kaugnay nito, muling isasagawa ng UP Kalilayan ang **Tagisan, isa sa pinakamalaking kompetisyong pang-akademiko sa bansa** na nagtitipon ng mga natatanging mag-aaral sa antas ng *junior* at *senior high school* mula sa mga lalawigan ng Quezon at Aurora. Nilalayon ng programa na higit pang linangin ang kanilang kahusayang pang-akademiko at kritikal na pag-iisip, gayundin ang pagpapatambol ng iba't ibang adbokasiya at panawagan sa pamamagitan ng mga patimpalak na nagsisilbing lunsaran ng makabuluhang pagpapalitan ng kaalaman at diskurso.

Para sa ika-41 na edisyon ng Tagisan, aming hinihimok na idaos ang programa sa darating na Nobyembre 22 o 29 (Sunday) **Nobyembre 2026.** Kaugnay nito, **nais po sana naming humingi ng impormasyon hinggil sa nakatakdang mga aktibidad at iskedyul ng DepEd Tayabas City** sa naturang buwan upang matiyak na hindi ito sasabay sa mahahalagang gawaing pang-akademiko o iba pang opisyal na programa ng mga paaralan sa lalawigan.

Dagdag pa rito, nais po sana naming malaman **kung maaari pong mabigyan ng endorso ng inyong butihing opisina ang proyektong ito** upang maipabatid ito sa mga paaralan sa lalawigan. Batid po namin ang mga kamakailang pagbabago sa akademikong kalendaryo at ang pagpapatupad ng *trimester* sa mga paaralan. Kung kaya't ninanais naming matiyak na ang aming programa ay naaayon sa mga umiiral na alituntunin ng Kagawaran at hindi makagagambala sa mga gawaing

pang-akademiko. Kaya naman, kung anumang patnubay o rekomendasyong maibibigay ng inyong tanggapan hinggil sa usaping ito ay lubos naming pahahalagahan.

Lubos po kaming nagpapasalamat sa inyong panahon at konsiderasyon. Umaasa po kami sa inyong positibong tugon at patuloy na suporta sa mga programang naglalayong mapaunlad ang kabataang Quezonian. Maraming salamat po at mabuhay ang ating lalawigan!

*Para sa taos-pusong paglilingkod ng kabataan mula sa Quezon at Aurora,*

**JOHN BENEDICT Z. MAXINO**
Tagisan 41 Overall Head
UP Kalilayan

B. Vm

**BASTI M. VERTUDEZ**
Tagisan 41 Overall Head
UP Kalilayan

Noted by:

**YSSA DOMINIK D. LAROZA**
Executive Director
UP Kalilayan

email : upktagisan@gmail.com
contact no. : Basti M. Vertudez
0930 465 0647

## MATRIKS NG AKTIBIDAD

Ang **Tagisan 41 ay inaasahang ilulunsad sa Oktubre 2026** sa pamamagitan ng pagbubukas ng opisyal na rehistrasyon para sa lahat ng pampubliko at pribadong *junior* at *senior high schools* sa mga lalawigan ng Quezon at Aurora. Kasunod nito ay ang pagpapalaganap ng mga alituntunin ng bawat patimpalak, koordinasyon sa mga kalahok at paaralan, at pagsasagawa ng mga kinakailangang paghahanda para sa programa.

Nobyembre 22 o 29 (Sunday)

Samantalang ang **mismong programa naman ay nakatakdang isagawa sa Nobyembre 2026**. Gaya ng mga nagdaang taon, ang lahat ng patimpalak at gawain ay iikot sa isang natatanging taunang tema na magsisilbing batayan ng mga kalahok sa paglinang ng kanilang kaalaman, pagkamalikhain, kritikal na pag-iisip, at kamalayang panlipunan. Sa pamamagitan nito, nilalayon ng programa na maging isang makabuluhang lunsaran para sa intelektuwal na diskurso at makabagong pagkatuto ng kabataang Quezonian at Aurorahin.

Bilang bahagi ng ika-41 na edisyon ng Tagisan, isasagawa ang mga sumusunod na kompetisyon at programa:

a. **Essay Writing at Pagsulat ng Sanaysay**
b. **Extemporaneous Speaking at Dagliang Talumpati**
c. **Quiz Show**
d. **Poster Making (Traditional at Digital)**
e. **Short Film Competition**
f. **Idea Generation Competition**
g. **Gawad Parangal at Leaders' Summit**

### DALOY NG PROGRAMA

| ISKEDYUL | AKTIBIDAD |
|---|---|
| **6:30 N.U. - 7:30 N.U.** | Registration |
| **7:30 N.U. - 8:00 N.U.** | Opening Program |
| **8:00 N.U. - 9:00 N.U.** | Educational Talk |
| **9:00 N.U. - 9:15 N.U.** | Partners |
| **9:15 N.U. - 9:45 N.U.** | Contest Briefing & Introduction of Judges |
| **10:00 N.U. – 12:30 N.H.** | JHS Quiz Show – Elimination Round |
| **10:00 N.U. – 12:00 N.H.** | Contest Proper (Quiz Show, Essay Writing, Pagsulat ng Sanaysay) |

| | |
|---|---|
| **10:00 N.U. – 1:00 N.H.** | Contest Proper (Dagliang Talumpati, Extemporaneous Speech, Idea Generation) |
| **12:30 N.H. – 1:00 N.H.** | Lunch Break and Presentation of Short Film Entries |
| **1:00 N.H. – 2:30 N.H.** | Talkback Session |
| **1:00 N.H. – 1:30 N.H.** | Speech Contest Feedback Session |
| **2:00 N.H. – 6:00 N.G.** | Semi-Finals and Finals (Quiz Show, Dagliang Talumpati, Extemporaneous Speech) |
| **6:00 N.G. – 7:30 N.G.** | Closing Remarks & Awarding of Winners |

Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, inaasahang mabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral mula sa Quezon at Aurora na maipamalas ang kanilang husay, pagkamalikhain, kakayahan sa pamumuno, at malasakit sa lipunan, habang isinusulong ang kolaborasyon at akademikong kahusayan sa buong rehiyon.